

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbigay sa atin ng Kanyang Salita. Ipanalangin na magawa mong ilaan ang buhay mo rito, at hilingin sa Panginoon na turuan kang magalak, magbulay-bulay, at mamuhay ayon dito araw-araw.
- Hingin sa Diyos ang kaalaman at pang-unawa habang nagbulay-bulay ka sa Kanyang Salita, araw at gabi. Ipanalangin na maging tulad ka ng isang puno na nakatanim sa tabi ng ilog, na pinalalakas at pinalalago ng Salita.
- Ipanalangin na habang hinahangad mo ang Panginoon ng buong puso at nagbulay-bulay ka sa Kanyang salita, maging matapat ka na mamuhay ayon sa Kanyang kalooban. Ipanalangin na maihayag ng buhay mo ang ebanghelyo.

NOTES

WORDVIEW

Debosyon

WARM-UP

- Ano ang isang bagay na gusto mong ginagawa kahit pa matagal itong gawin? Bakit mo ito nagustuhan?
- Ano ang paborito mong paksa sa eskwelahan? Bakit mo ito nagustuhan?
- Ilarawan ang mga panuntunan sa paborito mong laro o sports? Ano ang mangyayari kung hindi susundin ang mga ito?

WORD

¹Mapalad ang taong hindi namumuhay ayon sa payo ng masasama, o sumusunod sa mali nilang halimbawa, at hindi nakikisama sa mga taong nangungutya. ²Sa halip ay nagagalak siyang sumunod sa mga aral na mula sa Panginoon, at araw-gabi ito ay kanyang pinagbulay-bulayan. ³Ang katulad niya'y isang punongkahoy na itinanim sa tabi ng sapa, na namumunga sa takdang panahon at hindi nalalanta ang mga dahon. Magtatagumpay siya sa anumang kanyang ginagawa.

SALMO 1:1-3

(Basahin din ang **SALMO 119:1-3**.)

Sa Salmo 1, inilarawan ni Haring David ang isang tao na nagagalak sa mga utos ng Panginoon. Hindi siya namumuhay ayon sa payo ng masasama at nakikisama sa mga taong nanghahamak. Gayunpaman, ang pagkagalak sa Salita ng Diyos ay simula lamang ng ating debosyon. Sa araling ito, titignan natin kung ano ang ibig sabihin ng debosyon: pagkagalak, pagbulay-bulay, at pamumuhay ng ayon sa Kanyang Salita.

1 Magalak sa Kanyang Salita.

... *Sa halip ay nagagalak siyang sumunod sa mga aral na mula sa Panginoon...* **SALMO 1:2**

(Basahin din **LUKE 1:15-17.**)

Ang isang patotoo na mapagkakatiwalaan ay may katiyakan at maaasahan. Ang Salita ng Diyos ay may katiyakan at mapagkakatiwalaan. Habang inaaral at isinasapamuhay natin ito, natututunan natin na wala itong kamalian. Nagbibigay ang Salita ng Diyos ng kaayusan mula sa mga tala sa kalangitan hanggang sa mga sitwasyon sa ating buhay, pamilya, hanapbuhay, paaralan, at bayan. Paano ka nabigyan ng karunungan ng Salita ng Diyos? Magbahagi ng isang halimbawa na nangyari kamakailan lamang.

2 Pagbubulay-bulay sa Kanyang Salita.

...²*Sa halip ay nagagalak siyang sumunod sa mga aral na mula sa Panginoon, at araw-gabi ito ay kanyang pinagbubulay-bulayan.* ³*Ang katulad niya'y isang punongkahoy na itinanim sa tabi ng sapa, na namumunga sa takdang panahon at hindi nalalanta ang mga dahon. Magtatagumpay siya sa anumang kanyang ginagawa.* **SALMO 1:2,3**

Isinalarawan ni Haring David ang Salita ng Diyos bilang matuwid, makatarungan, at nagbibigay kagalakan sa puso. Kung ang kautusan ay matuwid, pinangangalagaan nito ang sinumang nagpapasailalim dito. Nagbibigay rin ito ng kaligtasan at kasiguruhan. Dahil sa kautusan ng Panginoon, malinaw nating nauunawaan at nasusunod ang kalooban ng Diyos, na may katiyakan na ito ay tama at angkop sa ating mga sitwasyon. Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan nagtiwala ka na ang Salita ng Diyos ay angkop sa iyong sitwasyon, kahit pa hindi ito halata. Ano ang nangyari?

3 Mamuhay ayon sa Kanyang Salita.

²*Mapalad ang taong sumusunod sa mga katuruan ng Diyos, at buong pusong hinahanap ang kanyang kalooban.* ³*Hindi sila gumagawa ng masama kundi sumusunod sa mga pamamaraan ng Diyos.* **SALMO 119:2,3**

Ang debosyon ay hindi ganap kung walang pagkilos. Kung walang kilos, ang pagkagalak at pagbubulay-bulay ay pangkaisipan lamang. Kung tayo ay nagagalak sa Kanyang Salita at nagbubulay-bulay, kung hahangarin natin Siya nang buong puso, ang ating debosyon ay nagiging ganap kung tayo ay mamuhay ayon sa Kanyang pamamaraan. Paano ipinapakita sa iyo ng Salita ng Diyos ang iyong kamalian at paano ka nito hinahamon? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.

APPLICATION

- Nagagalak ka ba sa Salita ng Diyos? Paano ka lalago sa relasyon mo sa Diyos simula ngayon? Ano ang isang bagay na babaguhin mo upang mailaan ang sarili mo sa Kanya at sa Kanyang Salita?
- Nagbabasa at nagbubulay-bulay ka ba sa Salita ng Diyos araw-araw? May nakalaan ka ba na oras at lugar para dito? Paano mo mababantayan ang oras mo para magawa ito araw-araw simula ngayong linggo?
- Ano ang isang bagay na kailangan mong gawin upang patuloy na mamuhay ayon sa Salita at pamamaraan ng Diyos? Paano makikita ang katotohanan sa pamumuhay mo kasama ang iyong mga kapamilya at kaibigan ngayong linggo?